U.S. Department of Homeland Security

U.S. Citizenship and Immigration Services

# Mga Prinsipyo ng Pagkapribado – USCIS/Beripikasyon

1. ***Responsibilidad at Pananagutan***
   Ang lahat ng mga tauhan, kasama na ang mga empleyado at kontraktor ng pederal na pamahalaan, ay may-pananagutan sa naaangkop na paghawak ng personal ng impormasyon ayon sa kanilang opisyal na mga katungkulan.

2. ***Kaalaman at Pagsasanay***
   Ang lahat ng mga tauhan, kasama na ang mga empleyado at kontraktor ng pederal na pamahalaan, ay tuturuan at sasanayin ukol sa naaangkop na pagtrato ng personal na impormasyon.

3. ***Kawalang-pagkukubli***
   Ipagbibigay-alam ng Sangay ng Beripikasyon ng USCIS ang kanyang patakaran at mga gawi ukol sa pagkapribado sa mga indibidwal, at magbibigay rin siya ng mga wastong paglalarawan ng mga gawain ng Sangay upang maitaguyod ang pagkakaunawa ng publiko sa organisasyon.

4. ***Paglimita sa Pangongolekta at Pagpapanatili***
   Ang pangongolekta at pagpapanatili ng personal na impormasyon ay lilimitahan lang sa kung alin ang kinakailangan para sa mga itinakdang layunin.

5. ***Pabatid***
   Ang Sangay ng Beripikasyon ng USCIS ay magbibigay sa mga indibidwal ng pabatid na magtatakda sa layunin, gamit, at pagbubunyag na may kinalaman sa pangongolekta ng personal na impormasyon sa panahon ng o bago pa man ang oras ng pangongolekta.

6. ***Paglilimita ng Pagbubunyag at Paggamit***
   Ang personal na impormasyon ay ibubunyag lang sa mga awtorisadong awtoridad na may kinakailangang malaman at para lang sa mga gamit na naaayon sa mga itinakdang layunin.

7. ***Integridad ng Datos***
   Ang Sangay ng Beripikasyon ng USCIS ay magpapanatili sa kawastuan, pagkakumpleto, at pagiging bago ng personal na impormasyon para sa mga pangangailangan ng kanyang misyon.

8. ***Indibidwal na Akses at Pagwawasto***
   Ang Sangay ng Beripikasyon ng USCIS ay magsisiguro na ang mga indibidwal ay may akses sa kanilang nakarekord na personal na impormasyon, at maglalaan ng proseso sa pagrereklamo at pagwawasto.

9. ***Seguridad***
   Ang personal na impormasyon ay poprotektahan ng mga administratibo, teknikal, at pisikal na pananggalang na katumbas ng pagkasensitibo ng impormasyon.